| PhilHealth<br>Your Partner in Health | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
|---|---|---|
| | **Circular No.** | 2024-0036 |
| | **Title** | Z BENEFITS PACKAGE FOR PERITONEAL DIALYSIS (PD) |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang Peritoneal Dialysis (PD)? | Ito ay isa sa mga uri ng renal replacement therapy o RRT na kung saan ang isang pasyente ay nililinis ang dugo sa pamamagitan ng lining ng tiyan.<br><br>Ang PD ay may dalawang uri:<br><br>1. Continuous Ambulatory Peritoneal Dialysis (CAPD)<br>Ginagamit ang gravity upang punuan at i-drain ang dialysis solusyon mula sa tiyan.<br><br>2. Automated Peritoneal Dialysis (APD)<br>Ginagamit ang isang makina upang ihatid ang dialysis fluid sa tiyan. |
| 2. Ano ang Z Benefits package para sa Peritonial Dialysis (PD)? | Ito ay isang benepisyo sa ilalim ng Z Benefits para sa mga pasyenteng nasuri na may chronic kidney disease (CKD) Stage 5 at nangangailangan ng PD.<br><br>Sakop ng benepisyong ito ang mga kinakailangan ng isang pasyente para sa kabuuang gamutan habang nasa ilalim ng PD.<br><br>I. PD Solutions (CAPD) para sa mga matanda at bata<br>A. PD solutions 2 liter bags (1.5%, 2.3% or 2.5%, 4.5% dextrose or its equivalent) na may kasamang disinfection cap.<br><br>Para sa mga adult o matanda, sakop nito mula tatlo (3) hanggang apat (4) na 2L bags kada araw<br><br>Para sa mga bata, sakop naman nito mula apat (4) hanggang anim (6) na 2L bags kada araw |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| | B. Mga kinakailangan supplies at commodities<br>a. PD transfer set (dalawa (2) kada taon)<br>b. PD adapter<br>c. PD Clamp<br>d. Topical antiseptic spray<br><br>C. Administration at iba pang gastusin<br>a. Monthly monitoring at follow-up visits<br>b. CAPD training<br>c. Staff time<br>d. Utilities<br><br>II. PD Solutions (APD) para sa mga bata<br>A. PD solutions 5 Liter bags (1.5%, 2.3% or 2.5%, 4.25% dextrose or their equivalent)<br><br>Sakop nito ang kinakailangang bilang ng PD solusyon mula isa (1) hanggang tatlo (3) na 5L bags kada araw.<br><br>B. Mga supplies at commodities kagaya ng APD cassette at APD drain bag<br><br>C. Administration at iba pang gastusin<br>a. Monthly monitoring at follow-up visits<br>b. CAPD training<br>c. Staff time<br>d. Utilities<br><br>III. Exit site infection at peritonitis prevention care para sa mga matanda at bata<br>A. Mga kinakailangang laboratory, diagnostic tests at imaging<br>B. Konsultasyon at visit |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| | C. Gamot, supply at mga commodities<br>D. Administration at iba pang gastusin<br><br>IV. Ancillary services<br>A. PD catheter insertion at initiation<br>a. Mga kinakailangang laboratory test at diagnostic tests<br>b. Procedure<br>c. Mga kinakailangan gamot<br>d. Mga supplies at commodities<br>e. Administrasyon at iba pang gastusin<br><br>B. Outpatient treatment para sa PD-related peritonitis<br>a. Mga kinakailangang laboratory test at diagnostic tests<br>b. Procedure<br>c. Mga kinakailangan gamot, supplies at commodities<br>d. Administrasyon at iba pang gastusin<br><br>C. Laboratory/ Diagnostic Tests at Drugs/ Medicines<br>Sakop nito ang mga laboratory/diagnostic tests at mga gamot base sa pangangailangan ng pasyente at may prescription mula sa kanilang attending physician habang nasa PD.<br><br>Para sa kabuuang detalye ng mga listahan ng serbisyo na nakapaloob sa Z Benefits package para sa PD, maaaring tignan ang Annex B.1 – B.3 ng polisiya. |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 3. Sino ang maaaring makagamit ng benepisyo para sa Z benefits package para sa Peritoneal Dialysis (PD)? | Lahat ng pasyente na nasuri na may chronic kidney disease (CKD) stage 5 at narehistro sa PhilHealth Dialysis Database (PDD) ay maaaring makagamit ng benepisyo sa ilalaim ng Z Benefits package para sa PD.<br><br>Ang mga pasyente na nangangailangan ng PD catheter insertion at initiation ay maaaring makagamit ng benepisyo sa ilalim ng pakete sa polisiyang ito sa alinmang accredited PD Z providers. Hindi kinakailangan na sila ay na-enroll sa Z Benefits package.<br><br>Ang mga pasyente na mayroong permanenteng PD catheter at kwalipikado batay sa itinakdang kwalipikasyon na nakasaad sa ilalim ng polisiyang ito ay maaaring maipasok sa PD Z benefits package ayon sa kanilang napiling accredited PD Z provider.<br><br>Maaaring makipag ugnayan sa mga accredited PD Z provider sa pamamagitan ng kanilang mga itinalagang Z Benefits Coordinator para sa proseso at detalye. |
| 4. Magkano ang halaga ng mga pakete na sakop ng benepisyo ng Z Benefits para sa PD at ano ang mga serbisyong kasama ng mga ito? | Ang mga sumusunod ay ang halaga ng mga pakete na sakop ng Z benefits package para sa PD: |

| | Essential Health Services | Package Rates (PHP) |
|---|---|---|
| Adult | a. CAPD<br>1. Three (3) 2L bags/ day<br>2. Four (4) 2L bags/ day | <br>389,640 (29,972.31 per 28 days PD exchanges<br>510,140 (39,241.54 per 28 days PD exchanges |
| | b. Exit Site infection and Peritonitis Prevention Care | 29,200 (maximum of 4 episodes per year at 7,300 per episode |

| Tanong | Sagot | | |
|---|---|---|---|
| | Pediatric | a. CAPD<br>1. Four (4) 2L bags/ day<br>2. Five (5) 2L bags/ day<br>3. Six (6) 2L bags/ day<br><br>b. APD<br>1. One (1) 5L bags/ day<br>2. Two (2) 5L bags/ day<br>3. Three (3) 2L bags per day<br><br>c. Exit Site infection and Peritonitis Prevention Care | 510,140 (39,241.54 per 28 days PD exchanges<br>637, 676 (49,052 per 28 days PD exchanges)<br>765, 210 (58,862.31 per 28 days of PD exchanges)<br><br>763,000 (58,692.31 per 28 days PD exchanges)<br>1,016,000 (78,153.85 per 28 days PD exchanges)<br>1,269,000 (97,615.38 per 28 days PD exchanges)<br><br>16,800 (1,400/ month) |
| | Adult and Pediatric | PD-ancillary related services:<br>a. PD catheter insertion and initiation<br>b. PD-related peritonitis (outpatient)<br>c. Laboratory/Diagnostics Tests and Drugs/Medicines | <br>71,500<br>25,000 (once per year)<br>75,360 (6,280 per month) |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 5. Maaari bang lumipat ang pasyente sa ibang accredited PD Z provider kung kinakailangan? | Oo, maaaring lumipat ang pasyente sa ibang accredited PD Z provider kung kinakailangan.<br><br>Ang mga accredited PD Z provider ay dapat magkaroon ng proseso ng referral ng kanilang mga pasyente na nais lumipat ng ibang pasilidad upang matiyak ang patuloy na gamutan para sa mga nakaenrol sa benepisyo ng Z benefits.<br><br>Sinumang pasyente na nais lumipat sa ibang accredited PD Z provider ay dapat magsumite ng orihinal na kopya ng letter of intent para sa paglipat sa ibang accredited PD Z provider.<br><br>Ang nagre-refer na PD Z provider ay siyang mag-aasikaso nang mga kaukulang dokumento na nakasaad sa Checklist for Patient Transfer (Annex F)<br><br>Matapos maproseso ang paglipat ng pasyente sa ibang accredited PD Z provider, ang natitirang mga claims ng nagrefer na PD Z provider ay babayaran ng PhilHealth, sa kondisyon na ang lahat ng kaukulang mga serbisyo ay naibigay sa pasyente at ang mga kinakailangang dokumento ay kumpletong naisumite sa PhilHealth. |
| 6. May babayaran ba ang isang pasyente sa ilalim ng Z benefits package para sa PD? | Wala nang dapat bayaran ang isang pasyente na nakaenrol sa Z Benefits package para sa PD para sa mga serbisyong nakalista na sakop ng bawat pakete.<br><br>Kung sakali na ang pasyente ay binigyan ng mga serbisyong hindi kasama o sakop ng benepisyo ng PD Z Benefits, ang accredited PD Z provider ay maaaring maningil batay sa napagkasunduan ng PhilHealth at ng pasilidad na makikita sa napirmahang kontrata.<br><br>Ang karagdagang babayaran ng pasyente ay dapat maayos na naipaliwanag ng pasilidad sa pasyente. Ang pasyente ay pipirma sa Member Empowerment (ME) Form bilang katunayan na naintidihan nito ang mga alituntunin habang nakaenrol sa Z Benefits, karagdagang bayarin at maging ang |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| | kanyang resposibilidad bilang isang pasyente habang siya ay nasa gamutan. |
| 7. Maaari bang mag magpatuloy ang pasyente ng PD na sumailalim sa hemodialysis? | Ang mga pasyente na kasalukuyang nakaenrol sa Z Benefits para sa PD at sumailalim sa emergency hemodialysis, ay kailangang kumuha ng medical certificate mula sa kanilang attending Nephrologist na nagkukumpirma na ang pasyente ay maaaring magpatuloy sa peritoneal dialysis. |
| 8. Magagamit ba ng pasyente and benepisyo ng PD kung sakaling siya ay na-admit sa ospital | Kung sakaling ang isang pasyente na kasalukuyang naka-enroll sa Z Benefits package para sa PD ay ma-admit sa ospital sa anumang dahilan, at kinakailangan niyang mag PD exchange habang nasa ospital, maaaring dalhin ng pasyente ang kanyang PD solutions mula sa Z Benefits sa ospital at gamitin ito para sa kanyang PD exchanges.<br><br>Ang claims para sa PD ay hiwalay na isusumite sa claims ng admission ng regular benefits sa ilalim ng case rates. |
| 9. Sino ang maaaring maka-avail ng Automated Peritoneal Dialysis (APD) na sakop ng benepisyong ito? | Ang lahat ng pasyente na na-diagnosed ng chronic kidney diasease (CKD) stage 5 na may edad 0 hanggang 18 years old at 364 days ay maaaring makagamit ng benepisyo sa ilalim ng automated PD.<br><br>Ang implementasyong ng APD ay isasagawa bilang pilot test sa ilang piling pasilidad na may kakayanan na maibigay ang serbisyo na ito sa loob ng isang taon na naging epektibo ang polisiya ng Z Benefits para sa PD. |
| 10. Anu-ano ang mga responsibilidad ng isang pasyente habang siya ay nakaenrol sa Z Benefits package para sa PD? | Ang isang pasyente na naenrol sa PD Z benefits ay dapat tumupad sa napagkasunduang gamutan kasama ang follow-up na pagbisita sa kanilang accredited PD Z providers.<br><br>Ang mga supplies kagaya ng PD solutions at mga gamot na sakop ng benepisyong ito ay inilaan para sa kinakailangan ng pasyente na sumasailalim sa PD. Ito ay dapat na gamitin para sa kanilang sariling pangangailangan at mahigpit na ipinagbabawal na ito ay ipagamit sa iba o ibenta. Ang pasyente ay pipirma sa ME form bilang katunayan ng kanilang pagsunod sa alintuntunin na ito. |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 11. Sino ang dapat magfile ng claims sa PhilHealth para sa benepisyo ng PD? | Ang mga accredited PD Z providers ay ang dapat magsumite ng claim ng pasyente sa PhilHealth kasama ang mga kinakailangang dokumento.<br><br>Direktang ibabawas ng accredited PD Z provider ang benepisyo ng mga pasyenteng nakaenrol sa Z benefits mula sa kabuunang halaga ng babayaran. |
| 12. Kailan maaaring ideklara ng isang accredited health facility na lost to follow-up ang isang pasyente? | Ang accredited PD Z provider ay kailangang nakasubaybay sa kinaroroonan at sitwasyon ng kanilang mga pasyenteng nakaenrol sa Z Benefits package para sa PD.<br><br>Kung sakaling ang isang pasyente ay hindi na nakabalik matapos ang animnapung araw mula sa itinakdang araw ng konsultasyon o pagbisita sa pasilidad at naisagawa na ng pasilidad ang lahat ng paraan upang makuha ang kinaroroonan o sitwasyon ng pasyente ay maaari na ideklara ng PD Z provider na ito ay lost to follow-up.<br><br>Ang accredited PD Z provider ay dapat magsumite sa PhilHealth ng notarized sworn declaration na ang pasyente ay idinedeklarang lost to follow-up at dapat isumite ang claims ng nasabing pasyente sa loob ng animnapung (60) araw mula sa araw ng deklarasyon nito.<br><br>Kung sakali na namatay ang pasyente, maaaring magsumite ng kopya ng death certificate o notarized sworn declaration ang accredited PD Z provider na pinagkaloob ng alinmang awtorisadong sangay ng gobyerno kasama ng dokumento ng claims. Ang nasabing pasilidad ay dapat masumite ang kumpletong dokumento sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagkakuha ng kopya ng death certificate o notarized sworn declaration. |
| 13. Paano maging isang accredited PD Z provider ang isang | Upang ang isang PD center ay maging kabahagi ng Z Benefits para sa PD, siya ay makikipag-kontrata sa PhilHealth batay sa itinakdang panuntunan ng korporasyon. Prayoridad na sumali ang lahat ng mga pambulikong PD center na may kakayahan na maibigay ang |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| pasilidad sa ilalim ng Z Benefits? | lahat ng kinakailangang serbisyong nakapaloob sa Z Benefits para sa PD.<br><br>Gayunpaman, pinapayagan ng PhilHealth na sumali ang mga pribadong pasilidad na may serbisyo para sa PD sa mga lugar na walang may kakayahang makapagbigay ng kinakailangang serbisyo lalo na sa mga lugar na nasa ilalim ng GIDAs (Geographically Isolated and Disadvantaged Areas).<br><br>Kaakibat nito, nakasaad sa bawat kontrata ang napagkasunduang halaga na maaaring bayaran ng isang pasyente na hindi dapat lalagpas sa benepisyo ng Z Benefits para sa PD kung sakaling may karagdagang babayaran.<br><br>Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng pasilidad sa PhilHealth Regional Offices na nakakasakop sa kanilang pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at sa iba pang karagdagang impormasyon. |